# UPA

Hila-hila ni Ken ang maleta habang naglalakad sa hallway ng isang lumang boarding house. Kasabay niya ang matandang babae na matagal nang namamahala rito.

Kahit tahimik, may mga umuukupa naman ng ilang kuwarto rito subalit hindi maikakaila ang kakaibang aura na bumabalot sa lugar.

Sinusuyod niya ng tingin ang bawat madaanan, maaliwalas ngunit nangingibabaw ang kalumaan ng buong paligid. Ang mga kupas na kulay ng pader ang nagsasabi kung ilang taon na ang lugar na iyon.

“Manang, bakit ang tahimik naman?” Lumabas na rin mula sa bibig niya ang tanong na kanina pa nakasiksik sa utak niya.

“Ganito talaga rito, ayaw kasi ng mga boarders ng maingay.”

Napatango na lang si Ken. Ganoon pa man, hindi niya magawang kumbinsihin ang sarili na sumang-ayon sa sagot nito. Sa halip, may ibang sumasagi sa isip niya. At kung ano iyon? Hindi niya rin lubos na maunawaan.

Nakarating na sila sa silid na magiging pansamantalang tahanan ng binata. Sa ilang buwang pag-aaral, inaasahan niyang magiging komportable siya rito.

Pinagmasdan niya nang mabuti ang buong kuwarto, malaki na ito para sa kanya. Halatang nilinis ito bago siya dumating dahil sa kintab ng sahig. Umupo siya sa kama at inilagay sa tabi ang maleta na pinaglalagyan ng kanyang mga gamit.

“O pa’no, hijo? Ito ang susi mo. Maiwan na kita ha.” Ngumiti ang matanda. Tinanggap niya ang susi at tuluyan na siyang iniwan.

Isang college student si Ken na nasa unang taon pa lamang sa kolehiyo. Dahil malayo ang tirahan nila sa paaralang papasukan niya, napagpasyahan ng kanyang mga magulang na umupa na lang siya sa matutuluyang mas malapit.

Inayos na niya ang mga dapat ayusin, at nailagay na rin sa maliit na cabinet ang mga damit. Nagpunta siya sa palikuran para siguraduhing malinis iyon. Maging ang tubig sa drum ay hindi niya pinalagpas. Matapos iyon, muli siyang bumalik sa kama. Ibinagsak niya ang katawan habang dinadama ang ginhawa.

“Nakakapagod ang araw na ’to. Ang layo ng binyahe ko,” aniya. Unti-unti niyang ipinikit ang mga mata. Hinayaan niya ang sariling iwanan ang reyalidad hanggang sa tuluyan na siyang nakatulog nang mahimbing, at maririnig pa ang paulit-ulit na paghilik.

Wala siyang kamalay-malay sa pagkagat ng dilim.

Yakap niya ang malambot na unan habang nakabaluktot. Damang-dama ang lamig ng hanging dumadampi sa kanyang balat.

Bigla bumabaw ang malalim na pagtulog ng binata. Paunti-unti, may kakaiba siyang nararamdaman. May kung anong bagay ang humihila sa kanya para bumangon.

Nagising si Ken. Pagmulat ng kanyang mga mata, tumambad ang madilim na kabuoan ng silid. Tanging liwanag lang na nanggagaling sa nakabukas na bintana ang makikita.

Tumayo siya, pupungas-pungas na naglakad siya patungo sa pindutan ng ilaw.

“Napahaba ’ata tulog ko. Anong oras na ba?” bulong niya sa sarili. Tumingin siya sa relo na nakakabit sa kaliwang kamay.

“Alas tres na pala.” Nakaramdam siya ng gutom kaya hinanap niya sa maleta ang ilang de-lata na pinapadala sa kanya ng mga magulang.

Habang abala sa pagpili ng kakainin, nakarinig siya ng sunud-sunod na kalabog. Napahinto siya, pinakinggang mabuti kung saan iyon nagmula.

Dahan-dahan siyang tumayo. Nag-

aalinlangan ngunit mas nangingibabaw ang pagnanais niyang malaman kung ano iyon. Naglakad siya patungo sa palikuran, bawat hakbang ay may kaakibat na kaba.

"Sino 'yan?" lakas-loob niyang tanong.

Walang sumagot. Sa halip ay isang itim na pusa ang lumitaw mula sa likod ng drum. Bahagya siyang nagulat, ngunit mabilis naman niyang nabawi ang paghinga.

"Lintik na pusa 'to." Binugaw niya ito at agad naman itong tumakbo paalis.

Hindi na niya dapat pagtutuunan iyon ng pansin, nasa aktong maglalakad na siya pabalik sa kama pero muli niyang narinig ang pagkalabog.

Umandar na ang pagkalito sa kanyang utak, kasabay niyon ang pagdagundong ng dibdib. Nagsimula na ring tumagaktak ang malalamig na pawis sa iba't ibang bahagi ng kanyang katawan.

Dahan-dahang lumingon si Ken, at sa pagkakataong iyon, hindi na isang pusa ang kanyang nakita. Isang lalaki na nakatayo sa gilid ng drum ang nasa harap niya ngayon.

Nakasuot ito ng itim na barong, duguan ang mukha at nakakapanayo ng balahibo ang mabahong amoy. Nakatingin ito sa kanya; wala siyang nakikitang emosyon mula rito maliban sa nanlilisik na mga mata nito.

Napaatras si Ken at dali-daling tumakbo paalis. Tinangka pa niyang lumabas ng kuwarto subalit bigla na lang nagsara ang pinto. Ilang ulit niyang pinihit ang doorknob.

"Magbukas ka!"

Hindi na niya naisip dalhin ang mga gamit. Ang tanging sinisigaw lang ng kanyang utak ay ang makalayo sa lugar na iyon.

Nang sa wakas ay mabuksan niya ang pinto, napako siya sa kinatatayuan. Hindi na niya magawang gumalaw dahil isa pang nilalang ang nakita niyang nakatayo sa tapat ng pinto.

"A-ano'ng...?"

Nakatingin siya sa isang babaeng nakaharang sa kanyang lalabasan. Nakasuot ito ng puting damit at palda; mahaba ang buhok na tumatakip sa mukha nito. Kapansin-pansin din ang nagkalat na dugo sa katawan nito.

Halos mabaliw ang binata sa nasasaksihan. Ano ba ang mayroon sa kuwartong iyon? Bakit puro kababalaghan?

Napalunok si Ken sa sobrang takot, hindi niya maunawaan ang nangyayari.

Sino ang babaeng ito? Sino ang lalaking nagpakita sa kanya kanina?

Unti-unting lumalapit ang babae sa kinaroroonan niya. Pabilis naman nang pabilis ang pagtibok ng kanyang puso.

"Huwag k-kang l-lalapit." Humakbang siya paatras. Ngunit napabalikwas siya nang mapagtantong may tao sa kanyang likuran. Hinarap niya ito at tumambad ang lalaking duguan.

Hindi na niya malaman ang gagawin, wala na siyang ibang maisip na paraan hanggang sa

mapadako ang tingin niya sa bintana. Mabilis siyang tumakbo patungo roon, batid niyang delikado ang kanyang gagawin subalit ito na lang ang tanging daan palabas. Sumang-ayon ang kanyang buong pagkatao sa binabalak ng isipan niya.

Tumalon si Ken.

Hindi naman kataasan dahil nasa ikalawang palapag lamang siya, pero hindi naging maayos ang pagbagsak niya. Unang tumama ang likod ng binata sa sahig. Sa takot at labis na kirot na tinamo sa paglagapak niya, nawalan siya ng malay.

Ilang oras din siyang walang alam sa mga sumunod na nangyari. Ang huling natatandaan niya ay nakatakas na siya mula sa mga kinatatakutan niya.

Tumitirik na ang araw sa labas ng ospital nang magising siya dahil sa sakit ng kanyang likuran. Sa kanyang pagdilat, isang di-pamilyar na mukha ng lalaki ang nahagip ng kanyang paningin. Nakaupo ito sa gilid niya, halatang naghihintay rin sa kanyang pagmulat.

“S-sino ka?” tanong ni Ken.

“Ako si James. Nakatira rin ako sa boarding house, at galing ako sa trabaho kanina nang makita kitang tumalon sa bintana. Kaya ako na ang nagdala sa ’yo rito nang mawalan ka ng malay,” saad ni James.

“Maraming salamat.”

“Siguro nagpakita sa ’yo ’yong

magkasintahan."

Muling dumaloy ang takot sa kanyang mga ugat nang maalala ang nangyari sa loob ng kuwarto.

"Alam mo ang tungkol d'on?"

"Oo."

"Bakit nila ako ginugulo?" ani Ken.

"Ayaw nila na may ibang umuupa sa kuwarto na 'yon. Tatlong taon silang nakatira d'on, at sa kuwartong 'yon din sila namatay."

"A-ano? Bakit sila namatay?"

"Hindi kasi tama ang relasyon nila. May totoong asawa 'yong babae kaya n'ong malaman ng totoong asawa na may ibang lalaki siya... Palihim silang sinugod nito isang madaling araw, at pinagbabaril sila habang natutulog. Base 'yan sa mga nakalap ng mga pulis," salaysay ni James.

Napailing si Ken. "Grabe..."

"Kaya kung ako sa 'yo, umalis ka na d'on sa kuwartong 'yon."

Napatango na lang siya. Tama si James. Wala na siyang dahilan para manatili pa roon.

Biglang may tunog na pumailanlang.

"Sandali lang, ah. Sasagutin ko lang ito," ani James. Nagmadali pa itong dukutin sa bulsa ang cell phone na tumutunog bago lumabas ng silid.

Ngayon lamang naunawaan ni Ken ang lahat. Pilitin man niyang kalimutan ang nangyari ay paulit-ulit naman niya itong naiisip. Buhay na buhay pa sa kanyang alaala ang itsura ng mga multong iyon. Dahil sa

kanyang mga naranasan sa unang araw pa lamang ng pagtira roon, mukhang mapipilitan siyang humanap ng ibang malilipatan.

Bumuntong-hininga na lamang sjya dahil sa kanyang mga malaman.

Matapos ang pangyayaring iyon, minabuti na lamang niyang ipagdasal ang kaluluwa ng dalawa. Hindi na siya nagkaroon ng lakas ng loob na bumalik pa sa bahay na iyon. Mas pipiliin niyang magbayad na lang ng mahal sa panibagong uupahan, kaysa naman gabi-gabi siyang mabaliw sa pagpaparamdam ng magkasintahan.

# SI UNIQUE

May kaunting ambon noon nang lumabas ng bahay si Lhea para bumili sa karinderya ng pagkain para sa kanyang mga pusa. Nakaugalian na niya iyon noon pa man, at talagang gumagastos siya para sa mga pusang nagsisilbing pamilya na niya. Walong pusa ang inaalagaan niya sa kanyang inuupahang bahay. Limang kulay abuhin at tatlong kulay puti.

"Aling Maring, dalawang balot nga ng dinuguan at isang balot ng sinigang," sabi ni Lhea, bago iniabot ang bayad.

"Sosyal talaga 'yang mga pusa mo, ah," sagot ni Aling Maring na saksi sa kung paano mahalin ni Lhea ang mga alaga.

Napangiti na lamang si Lhea.

Pagkatapos kunin ang biniling ulam, naglakad na rin si Lhea paalis ng karinderyang iyon. Katulad ng dati, dadaan na naman siya sa eskinita ng Ramon. Mayroon siyang alaala sa nabanggit na eskinita. Doon niya napulot ang isa niyang pusa na si Marsi.

Habang tinatahak ang kahabaan ng Ramon ay sinasabayan ni Lhea ng pagkanta ang bawat paghakbang. Natigil lamang siya nang may marinig siya, dahilan para bumagal ang kanyang paglalakad.

Lumingun-lingon siya sa paligid. Hindi naman madilim dahil kumpleto at gumagana ang mga ilaw sa poste. Hinanap niya ang kanyang narinig, isa iyong ngiyaw ng pusa kaya agad napukaw ang kanyang atensyon.

“Ming...” ani Lhea.

Katulad ng kanyang inaasahan, isang pusang itim ang lumabas mula sa likod ng lumang drum sa gilid. Paulit-ulit ito sa pagngiyaw na para bang may nais iparating.

“Ming ming...” Alam ni Lhea na walang balak lumapit ang pusang iyon kaya siya na mismo ang nagkusang lapitan ito.

Hinimas-himas niya ang pusa sa ulo katulad ng ginagawa niya sa iba pa niyang mga alaga. Sumilay ang ngiti ni Lhea nang tumugon ito sa bawat paghawak niya sa ulo. Naramdaman niya ang pagiging malambing nito na naging dahilan para mamuo ang kaunting tuwa sa kanyang kalooban.

“Wala ka bang bahay, Ming?” tanong ni Lhea.

Naging mas malambing ang pusang itim at nagsumiksik pa sa kanya. Dahil maawain si Lhea, naisip niya na iuwi na lang ito kaysa magpalabuy-laboy sa kung saan.

Kinarga niya ang pusa at masayang umuwi sa bahay. Pagdating doon ay nakaabang na agad ang mga alaga niya. Ang iba ay nasa ibabaw ng mesa habang ang iba ay nasa gilid ng pintuan. Tahimik lang ang mga iyon, tila may mga isip na nakatingin sa bagong pusa na karga-karga ng kanilang amo.

"Hey, guys! Meet your new friend!" bungad ni Lhea na animo mga tao ang kinakausap.

Inilapag niya ang pusang itim sa sahig. Agad na umiwas ang tatlong pusa at lumundag sa ibabaw ng mesa.

"Ihahanda ko lang ang pagkain."

Nagtungo si Lhea sa maliit na kusina at doon sinimulang paghaluin ang kanin at ang dinuguan na kanyang binili. Mula sa kinatatayuan, tanaw niya ang mga alaga na magkakasama, habang ang pusang itim ay mag-isang nakaupo lang sa sahig. Nginitian pa ito ni Lhea nang makitang nakatingin ito sa kanyang ginagawa.

Matapos lamasin ang kanin at ulam ay tinawag na niya ang mga pusa, nakasanayan na rin niyang sa kusina pakainin ang mga ito. Agad namang nagtakbuhan palapit ang mga pusang tila gutom na gutom. Nang ilapag ni Lhea ang malaking bowl ay mabilis na nagsalu-salo ang mga alaga niya.

Pero may naiiba.

Napansin niya ang bago niyang ampon na naroon pa rin sa pwesto kung saan niya ito inilapag. Nakatingin lang at nanonood, tila may isip na nag-oobserba ang pusa sa kilos niya. Bawat paggalaw kasi ni Lhea ay sinusundan ng tingin ng pusang itim. Sa halip na magtaka, nakuha pang matawa ng dalaga. Nilapitan niya ito at umupo sa harap nito.

"May naisip na akong ipapangalan sa 'yo…" nakangiting sabi ni Lhea habang hinahaplos ang malambot na katawan ng pusa. "Dahil naiiba ang kulay mo, ikaw na lang si Unique. Wala na akong maisip na iba mong pangalan, eh. Maganda naman, di ba?"

Biglang umalis ang pusang si Unique. Nagtungo ito sa kuwarto ni Lhea at nagtago sa ilalim ng kama. Dahil ayaw na ayaw ni Lhea na pinapasok doon ang mga pusa ay dali-dali siyang sumunod. Ilang ulit niyang tinawag si Unique pero hindi ito lumabas.

"Unique, lumabas ka diyan, bawal kayo rito."

Sumilip siya sa ilalim ng kama. Ipinasok niya ang kamay roon para abutin si Unique subalit wala siyang nakapa. Kaya naman, nagkaroon siya ng kaunting pagtataka.

"Saan nagpunta 'yon?"

Hindi pa man nagtatagal ng sampung segundo ay narinig na niya si Unique. Mabilis siyang umalis sa ilalim ng kama at tumambad sa kanya ang pusa sa ibabaw ng kama habang nakatitig sa kanya.

Sandali siyang napaisip. Doon niya

nalaman na hindi lang pala kulay nito ang kakaiba kay Unique, kundi pati na rin ang bilis nito. Bilis na hindi niya maipaliwanag. Ganoon pa man, hindi na niya iyon pinansin pa. Kinuha na lang niya si Unique at inilabas ng kuwarto. Inihatid niya ito sa kusina para pakainin pero mailap ito sa ibang pusa. Ayaw nitong kumain at mas gusto lang na panoorin ang mga kasamahan.

Iyon ang unang pagkakataon na napansin niya ang pagiging kakaiba ni Unique. Sa mga sumunod na araw ay lalo pa siyang nagkaroon ng mga tanong. Dumating na sa puntong nagsaliksik siya sa Internet para lang malaman kung anong uri ng pusa ang kanyang naampon. Sa tagal na niyang nag-aalaga ng pusa ay ngayon lang siya nakatagpo ng katulad ni Unique, na kung saan-saan sumusulpot at tila may sariling mundo.

Sa iilang araw pa lang na nakakasama niya ito ay marami na siyang napupuna. Hindi kumakain si Unique sa gabi, hindi rin ito nakikihalubilo sa ibang pusa, at may pagkakataon ding nakita niyang inaaway nito si Marsi. Higit sa lahat, ang pinaka pinagtaka ngunit kinabibiliban ni Lhea kay Unique, ay ang kakayahan nitong makapagbukas at magsara ng refrigerator.

Lunes ng hapon noon. Galing si Lhea sa trabaho at talagang binugbog ng pagod. Pagbukas pa lamang niya ng pinto, natanaw na

niya si Unique na binubuksan ang refrigerator. Nang magtagumpay ito, nanlaki na lamang ang mga mata ni Lhea nang makitang kinain nito ang tinira niyang barbecue. Pero mas nagulat pa siya nang parang taong sinarado ni Unique ang refrigerator. Bahagya pa nga itong tumayo para mas maisara iyon nang maayos.

Noong una ay natuwa siya sa pagiging matalino ng pusa, pero kalaunan, nag-iiba na ang awra nito sa kanya. Ewan niya, pero parang may nararamdaman siyang hindi niya matukuy-tukoy sa tuwing titingnan siya ni Unique.

Sa ngayon, nagtitiklop si Lhea ng mga damit niya na sinilong kanina mula sa sampayan. Nakabukas ang pinto ng kanyang silid, sapat lang para makita ang mesa sa sala kung saan naroon ang mga pusa niya. Pero gaya ng dati, wala roon si Unique. Hating gabi na kaya naisipan ni Lhea na hanapin iyon sa pagkabahalang baka makalabas ito ng bahay at muli na namang maligaw.

Ngunit wala siyang nadatnan na Unique sa sala maging sa kusina.

Naisipan niyang magtungo sa CR, pero pagdating niya roon ay may nakita siyang anino na hindi niya mawari kung saan nagmula. Anino iyon ng isang tao, kaya naman mabilis na dinaluhong ng kaba ang sistema niya.

Sandali siyang napako sa kinatatayuan. Unti-unti siyang napaatras. Sa tagal na niyang nangungupahan doon, ngayon lang siya nakaranas ng ganito.

Nang makakuha ng lakas ng loob ay kumaripas siya ng takbo papasok sa kuwarto niya. Pero ganooon na lamang ang kanyang pagkagulat nang makita niya si Unique na nasa ibabaw ng kanyang cabinet.

Hindi siya sumigaw pero lalong lumakas ang pagkabog ng kanyang dibdib. Nakatitig na naman sa kanya ang pusa. Ngunit tila iba na ang tingin nito. Ang pagtatama ng kanilang mga mata ang naging dahilan para maramdaman ni Lhea na may hindi tama.

Wala siyang naranasang kamalasan sa buhay mula nang dumating si Unique sa bahay niya. Ang totoo niyan, na-promote pa siya sa trabaho. Ang tanging nagbago ay ang atmospera, para bang laging may mabigat na enerhiya na bumabalot dito na nagdudulot ng pagkabahala kay Lhea. Napansin niya rin na parang nagiging matamlay ang iba pa niyang mga pusa, lalo na si Marsi. Iwas na iwas rin ang mga ito kay Unique. Hindi niya tuloy maialis sa isipan na baka… may nangyayaring hindi normal kapag wala siya.

"H-hello, Unique. Gusto mo bang matulog diyan?" papilit niyang tanong.

Ang naging tanging tugon ng pusang itim ay ang lumundag patungo sa kama niya. Umupo ito sa harap niya na parang isang pulis na nag-iimbestiga habang nakikipag-eye contact.

Iyon ang nakapagpataas pa ng mga balahibo ni Lhea. Hindi niya maintindihan ang mga titig nito. Kaya sa halip na labanan si

Unique sa titigan, umiwas na lamang ng tingin ang dalaga at nagkunwaring may hinanap sa loob ng cabinet. Habang nakatalikod sa pusang itim, malakas ang pakiramdam ni Lhea na nakatingin pa rin sa kanya si Unique. Nang muli siyang humarap ay nalaman niyang tama nga ang kanyang hinala. Ni hindi inalis ng pusa ang tingin sa kanya.

Sa puntong iyon, napalunok na si Lhea. Napatayo na ang mga balahibo niya at nagsimula na ring tumagaktak ang pawis sa iba't ibang parte ng kanyang katawan.

Hindi na nabilang ni Lhea kung gaano siya katagal na nakadikit sa cabinet habang nakaharap kay Unique, wala siyang ibang inaabangan kundi ang susunod na mangyayari. Laking pasalamat niya nang bumaba na si Unique mula sa kama niya. Naglakad ito palabas ng kuwarto nang hindi tumitingin sa kanya. Ngunit ang ipinagtataka ni Lhea ay kung bakit nakabukas na ang pinto gayong isinara niya iyon kanina.

Hindi nakatulog si Lhea nang gabing iyon. Hindi na rin siya nakapasok sa trabaho dahil sa sobrang pag-iisip at pag-aalala para sa sariling kapakanan at para na rin sa iba pa niyang mga alaga.

Isa sa mga inisip niya magdamag ay kung paano mawawala si Unique sa bahay niya. Ang una niyang binabalak ay ang dalhin sa malayong lugar ang pusang itim at doon

iwanan. Ang pangalawa naman ay batid niyang hindi ganoon kadaling gawin dahil walang kapantay ang pagmamahal niya sa mga pusa. Pero nagtatalo pa rin sa utak niya kung maaari niya bang ihanay si Unique sa mga pusa gayong mas higit ito kung mag-isip at kumilos. Kaya sa mga sandaling iyon, nagdedebate pa rin ang kanyang isip at puso kung kakayanin niya bang lasunin si Unique.

Pasado alas cinco na ng hapon nang muling maisipan ni Lhea na lumabas ng kuwarto para sana bumili ng makakain sa labas. Bubuksan na sana niya ang pinto nang makarinig siya ng ingay mula sa sala. Ingay iyon na nagmumula sa nag-aaway o galit na pusa. Mabilis na nagtungo roon si Lhea ngunit isang eksena ang tumambad sa kanya.

Nakita niya si Marsi na nasa harap ng refrigerator. Nakahiga ito sa sahig, humihingal habang naliligo sa sariling dugo.

Agad tumulo ang luha ni Lhea at dali-dali siyang tumakbo papapit sa kinalalagyan ni Marsi.

“Marsi! Marsi! Marsi!” paulit-ulit na sigaw niya habang hindi malaman kung hahawakan niya ba ito o hindi.

Unti-unting bumagal ang paghinga ni Marsi, at makalipas lang ang ilang segundo, tuluyan na itong namatay.

Walang mapaglagyan ang sakit na naramdaman ni Lhea, kaya umiyak na lang siya nang umiyak. Sa lahat ng pusa niya, si Marsi ang pinakapaborito niya kaya hindi niya

matanggap ang pagkawala nito.

Pero sa gitna ng pagdadalamhati ay naroon si Unique. Nasa gilid ito ng pinto, nakatingin kay Lhea. Pero hindi lang iyon basta tingin, tila may ngiti na sa mukha ng pusang iyon.

May takot ngunit mas namayani ang galit sa kalooban ni Lhea ngayon. Gigil na gigil na nilapitan niya si Unique. Kinarga niya ito palabas ng bahay at nagmamadaling tumakbo palabas ng kanilang barangay. Nang makakita ng paparating na taxi ay agad niya iyong pinara. Walang ibang tumatakbo sa isipan ni Lhea nang sandaling iyon kundi ang itapon si Unique sa malayong lugar.

"Manong, sa Santa Cruz po!" sabi niya sa driver habang karga pa rin si Unique na parang nagpapatay-malisya lang.

Pinatakbo na ng driver ang sasakyan. Nakikiramdam lang si Lhea kay Unique habang nasa biyahe sila. Pero himala yatang walang kakaibang ginagawa ang pusa. Hanggang sa halos isang oras na silang nasa biyahe ay nanatili itong normal kagaya noong una niya itong makita sa eskinita ng Ramon. Nagkaroon ng puwang ang muling pagtataka sa utak ni Lhea. Pero mas pinagtuunan niya ang plano. Kailangang magtagumpay siya sa ngalan ng pagkawala ni Marsi.

"Ihinto mo, Manong!" utos ni Lhea nang may madaanan silang ilog.

"Wala pa tayo sa Santa Cruz," sagot ng driver.

Nang ihinto ng matanda ang sasakyan ay

walang pakundangang lumabas si Lhea. Ni hindi niya kinausap pa ang driver at mabilis na lumapit sa gilid ng kalsada. Doon niya itinapat si Unique; sa puwesto kung saan diretsong mahuhulog ang pusa sa kailaliman ng ilog.

"Ito na ang katapusan mo!" Binitiwan ni Lhea si Unique. Kitang-kita niya kung paano lamunin ng rumaragasang tubig ang kakaibang pusa.

Pagkatapos, nagpahatid siya sa taxi driver pabalik sa bahay niya.

Magkahalong tuwa at lungkot ang nadama ni Lhea. Tuwa dahil sa wakas, babalik na rin sa dati ang masigla niyang bahay. Lungkot dahil sa kauna-unahang pagkakataon, pumatay siya ng pusa.

Matapos ang pangyayaring iyon ay nakahinga na nang maluwag si Lhea. Pero hindi niya pa rin maiwasang isipin si Marsi at kung paano ito namatay. Nakita niya kasing may malaking hiwa sa bandang leeg nito at ganoon din sa tagiliran ng katawan.

Muli, pumatak ang mga luha niya na sinundan ng paghikbi. Mahal na mahal niya ang kanyang mga pusa, sila ang nagsilbing pamilya niya mula nang bumukod siya sa mga magulang.

Hanggang sa makabalik si Lhea sa kanilang lugar ay hindi niya pa rin makalimutan ang ginawa niya. Pero ang mas tumatak sa kanya ay ang huling tingin sa kanya ni Unique. Para bang sinasabi ng tingin na iyon na hindi pa tapos ang lahat.

Nang matanaw ni Lhea ang kanyang bahay ay binilisan niya ang lakad. Ang naiwan niyang duguang si Marsi ang nagtulak sa kanya para magmadali. Kaya naman, hindi na siya nagsayang pa ng oras. Binuksan niya ang pinto at agad na pinukulan ng tingin ang kinalalagyan ni Marsi. Pero wala na iyon doon. Tanging bakas na lamang ng dugo ang naiwan. Maging ang ibang pusa ay nawawala rin.

Sinuyod niya ng tingin ang buong bahay ngunit wala siyang nakita. Tinawag na rin niya ang mga iyon sa mga pangalan pero ni isa ay walang lumabas. Mayamaya, may naririnig siyang parang pag-ungol ng mga pusa.

Naging aligaga ang mga mata niya habang inaalam kung saan nagmumula ang mga ungol na iyon. Pero nang mapagtanto niya kung saan iyon nanggagaling, awtomatikong kumabog na naman ang kanyang dibdib.

Sa refrigerator! Doon niya naririnig na nanggagaling ang mga ungol.

Natatarantang binuksan ni Lhea ang ref at doon tumambad sa kanya ang mga alaga niya na naninigas at nagsisiksikan.

Napatakip siya ng bibig at napaupo sa sahig. Pero hindi roon nagtapos ang lahat.

Dahan-dahan siyang napalingon nang marinig niyang may isa pang pusang humihiyaw. Nang harapin niya ito ay tumambad sa kanya si... Unique. May maliit na ngiti sa bibig nito na naghahatid ng malubhang takot kay Lhea.

Mabilis na napaatras si Lhea hanggang

sa mapadikit na siya sa pader. Nanlalaki ang mga mata at halos maiyak siya sa kanyang nasasaksihan. Ngunit mas lalo pang sumikip ang dibdib niya nang makita ang lumalaking anino sa likuran ni Unique. Kumorte iyong tao na unti-unting lumapit sa kanya. Hindi na makagalaw pa si Lhea.

Dahan-dahang lumapit si Unique sa kanya. Ipinikit na lamang niya ang mga mata at hinintay ang susunod na mangyayari.

Ang huli niyang naramdaman ay ang isang matulis na bagay na bumaon sa dibdib niya nang kung ilang beses. Ni hindi na niya nabilang dahil sa sobrang sakit na unti-unting naghatid sa kanya patungong kamatayan. At sa kanyang huling pagdilat, nakita niya ang isang lalaki na nasa gilid ni Unique. Maskulado ang katawan nito, namumula ang mga mata, at higit sa lahat, nakakakilabot ang mga sungay nitong gaya sa kambing.

Noon lamang nalaman ng dalaga na ang pusa na kanyang inalagaan ay pagmamay-ari pala ng isang demonyo.

# ANG ROSAS AT ANG MADILIM NA PAGMAMAHAL

Masayang sinalubong si Janna ng kanyang pinsan na si Grace sa terminal ng bus. Agad siyang niyakap ng pinsan niyang halos anim na taon niyang hindi nakita mula nang mag-aral at magtrabaho siya sa Maynila. At ngayong tapos na ang kanyang kontrata, napag-isipan niyang magbakasyon sa poder nila Grace dito sa probinsya.

Nang makaramdam ng gutom, dumiretso silang magpinsan sa isang fast food chain para mananghalian. Pagkatapos ay namili sila ng mga pasalubong at ilang gamit na kakailanganin ni Janna habang nasa lugar na iyon.

Halos isang oras pa ang biyahe patungo sa tirahan ng pinsan niya, kaya habang

tinatahak nila ang daan ay walang humpay na kuwentuhan ang ginawa nila. Una nilang napag-usapan ay ang buhay pag-ibig nila hanggang sa mapunta na sa mga dating manliligaw. Masaya lang silang nag-uusap na para bang kanila ang bus na sinasakyan nila. Halatang-halata na na-miss nila ang isa't isa.

Lumalim nang lumalim ang usapan; natigil lang iyon nang mapansin ni Grace na kailangan na nilang bumaba. Kaunting minuto na lang ang natitira bago mag-ala-una nang dumating sila sa lugar na kinamulatan ni Janna noong siya ay nasa high school pa lang. Malaki ang pinagbago ng bahay nila Grace, pati na rin ang bakuran. Ang dating kahoy lang ay napalitan na ng bakal at semento, pero ang isa sa mga napansin ni Janna na hindi man lang nagbago ay ang puno ng narra sa gilid ng bahay nila Grace. Naroon pa rin iyon at parang hindi man lang pinaglipasan ng taon.

Marami siyang alaala sa punong iyon, at isa na roon ay ang karanasan niya noong isang gabi ng Disyembre.

Mag-isa siyang nakaupo sa mahabang kahoy na upuan sa ilalim ng narra. Dahil abala siya sa pagkalikot ng kanyang cellphone, hindi niya napansin ang kakaibang lamig na bumabalot sa paligid noon. Napukaw lang ang atensyon niya noong may marinig siyang sitsit mula sa kung saan. Ilang ulit niyang narinig iyon at kapag lumilingon siya, nawawala naman.

Magmula noon, gabi-gabi na niyang

nararanasan iyon. Madalas ay kapag siya ay mag-isa. Sinubukan niyang ikuwento kay Grace at pati na rin sa kanyang tiyo at tiya, pero sa kasamaang palad, hindi siya pinaniniwalaan ng mga ito. Hindi kasi naniniwala ang mga iyon sa mga kuwentong katatakutan, lalo na si Grace.

"Janna! Dalaga ka na talaga!" bungad ng kanyang Tiya Nora nang salubungin siya nito sa gate. Nakangiti namang bumati sa kanya ang Tiyo Erning niya.

Katulad ng ipinangako ni Grace kay Janna, nagkaroon ng munting handaan. Nagsalu-salo sila ng mga pagkaing madalas nilang kainin noon. Hindi maiwasan ni Janna na maluha nang maalala niya ang kanyang mga magulang.

Matagal na kasi siyang ulila dahil maagang namatay ang kanyang ina, at nakulong naman ang kanyang ama dahil doon. Ang nagsilbi niyang pamilya noon ay ang pamilya na inuwian niya ngayon. Hindi niya maikakaila na talagang napakabait ng mga kamag-anak niya, dahilan kaya naging kampante siya sa piling ng mga ito.

Pagkatapos ng kainan ay nagtungo naman si Janna sa dati niyang kuwarto. Napangiti na lang siya nang makita niyang inalagaan iyon ng linis kahit matagal siyang nawala. Nakadagdag pa sa tuwa niya ang mga larawang nakadikit sa dingding. Larawan niya iyon noong siya ay magtapos sa high school.

Isinalampak niya ang katawan sa kama. Damang-dama niya ang lambot niyon na tila

pumapawi sa pagod niya mula sa magdamag na biyahe. Habang nakahiga, napadako ang tingin ni Janna sa bintana na madalas niyang tambayan noon bago matulog. Mula roon ay masisipat ang puno ng narra na araw at gabi na lang ay parang binabati siya.

Bumangon siya at nagpunta sa harap ng bintana para tanawin ang puno. Hapon pa lang pero ang lamig na ng hangin. Dahilan para mapayakap siya sa sarili.

Sinuri niya ang puno. Wala naman siyang naramdaman o nakitang kakaiba.

"Janna! Picture-an mo nga 'ko rito!" Natuon ang atensyon niya sa biglaang pagsulpot ni Grace na pumuwesto pa sa katawan ng punong narra.

"Sige! Mag-pose ka na!"

Agad niyang kinuha ang cell phone at itinapat iyon sa kinalalagyan ni Grace. Nang makuhanan na niya ng larawan ang pinsan ay saka siya nag-thumbs up.

"Send mo sa 'kin mamaya, pang-DP!" sabi ni Grace.

Tumango na lang siya. Tiningnan niya ang larawan bago ipinasa kay Grace. Umarko ang ngiti sa labi niya dahil ang ganda ni Grace at maganda rin ang paraan nito ng pagpo-pose. Pero may isang bagay na nakapukaw ng pansin niya; iyon ay ang itim na tila pintura na korteng mukha.

Para mas makita niya nang maayos, nag-zoom in pa siya sa kanyang cell phone. Ayaw man niyang mag-isip ng kung ano, pero

naramdaman na lang niyang nanayo ang kanyang mga balahibo.

Sumapit na ang gabi. Ang unang gabi matapos ang anim na taon na pagkawala sa lugar na kinamulatan ni Janna.

Mag-isa siyang nagse-cell phone sa kuwarto. Wala si Grace kasi dumating ang nobyo nito kanina at sumama ito paalis. Hindi na inabala pa si Janna ng kanyang tiyo't tiya dahil nais ng mga ito na makapagpahinga siya.

Hinayaan lang niyang bukas ang bintana kaya malayang pumapasok ang simoy ng hangin. Ni hindi na rin niya binuksan pa ang electric fan dahil sapat na ang lamig na naghahari sa buong silid.

Tutok na tutok ang mga mata niya sa cell phone habang pinapanood ang paborito niyang palabas. Nasa kalagitnaan na siya ng pinanonood nang makarinig siya ng isang sitsit, na sa kanyang palagay ay nagmula sa labas. Sandali siyang napalingon sa bintana, hininto niya ang ginagawa at inusisa ang paligid. Sumilip pa nga siya sa pinto sa pag-aakalang pinagdidiskitahan na naman siya ni Grace, pero wala. Wala pa ang pinsan niya.

Nagsawalang-bahala na lang si Janna. Hindi na niya inisip iyon at nagpasyang ibalik ang pansin sa palabas. Pero hindi pa man niya napipindot ulit ang play button, narinig na naman niya ang sitsit. Sa pagkakataong iyon, nagkaroon na siya ng ideya. Mabilis

na tumakbo sa isipan niya ang dati niyang karanasan. Hindi pa naman matindi ang takot niya ngunit ang pagtataka ang kumukontrol sa katawan niya. Dahil sa kuryosidad, lumapit siya sa bintana at tinanaw ang punong narra. Batid niyang doon nanggagaling ang sitsit na naririnig niya.

Inabangan niya ang sitsit na iyon habang nakatingin lang, pero halos sampung minuto na yata siyang nakatayo ay wala naman na siyang narinig pa. Babalik na sana si Janna sa kama ngunit katatalikod niya pa lang ay sinitsitan na naman siya ng kung sino.

Iyon ang unang pagkakataon na lumakas ang pagtibok ng puso ni Janna. Dahil sa takot ay hindi na niya iyon hinarap pa. Isinara niya ang bintana at dali-daling sumampa sa kama.

Ang ikalawang karanasan na ito ni Janna ang naging dahilan para mapuyat siya. Kamalas-malasan pa dahil wala si Grace, wala rin siyang makausap. Magdamag lang siyang nakaupo at nakasandal habang nakikiramdam. May mangilan-ngilang sitsit pa rin siyang naririnig noong alas doce ngunit kalaunan ay nawala rin nang sumapit ang alas dos. Gayunpaman, inabot pa rin siya ng alas cuatro ng madaling araw sa kaiisip.

Masasabi niyang swerte siya dahil nagawa niya pang makatulog. Ngunit dahil nasa probinsya siya, maaga rin siyang nagising dahil ganoong oras din ang gising ng mga tao roon. Ang pagmulat ng mga mata niya ang pagdating pa lang ni Grace. Mukha agad nito

ang bumungad sa kanya.

"Good morning!" pasigaw na bati ni Grace.

Papikit-pikit na bumangon si Janna.

"Istorbo k-ka naman," tugon niya.

"Sorry, pero wala ka sa Maynila," anitong pabiro.

Tinanggal ni Janna ang namuong muta sa gilid ng dalawa niyang mata.

"Hinihintay kita kagabi, wala ka naman."

"Doon ako natulog sa soon-to-be husband ko, eh." Nangingiti pa ito.

"'Landi mo."

Tumayo na si Grace.

"B'aba ka na lang, ah. Matutulog muna ako, kulang pa tulog ko, eh. Babush!" Lumabas na agad ito ng kuwarto.

Napailing na lang si Janna dahil doon.

Nilisan na rin ni Janna ang kanyang silid at dumiretso sa CR para maghilamos. Pagkatapos, nagtungo naman siya sa kusina para tumulong sa Tiya Nora niya sa paghihiwa ng mga gulay at karne na magiging agahan nila. Habang abala sa ginagawa ay sinasabayan ito ng pagkukuwento ni Tiya Nora at masaya naman itong pinakikinggan ni Janna.

Ngunit naudlot ang pagkukuwento ni Tiya Nora nang marinig nila ang sigaw ni Tiyo Erning sa sala.

"Janna! Nora! Halikayo!" anito na nagdulot ng kaunting taranta sa dalawa.

Agad na pinuntahan nila Janna ang kinaroroonan ni Tiyo Erning. Nang makarating ay nagtatakang tiningnan nila ang matanda

na may hawak na isang pirasong tangkay ng rosas.

“Saan galing ’yang rosas na ’yan, Erning?” naguguluhang tanong ni Tiya Nora.

Pagkalito rin ang makikita sa mukha ni Janna sa mga tagpong ito.

“Hindi ko alam, ah! Basta’t nang buksan ko ang pinto, nakita ko na lang ’to sa lapag. Tapos ano, oh, may pangalan ni Janna.” Ipinakita ni Tiyo Erning ang kapirasong papel na nakadikit sa tangkay at kita roon ang nakasulat ngang pangalan ng dalaga.

Nagkatinginan ang mag-asawa at saka idinako ang seryosong tingin kay Janna na noon ay mas lalo pang naguguluhan.

“Para sa ’kin po ’yan?” Hindi maipinta ang mukha niya.

“Pangalan mo ang nakalagay dito, eh,” sagot ni Tiya Nora.

“Wala po akong alam diyan, Tiya. Kararating ko lang po kahapon,” pagdadahilan niya.

Natawa na lang si Tiyo Erning.

“Nako, baka nabalitaan na ng mga dati mong manliligaw na nandito ka na ulit. Hindi bale, hayaan mo sila. Huwag mong pansinin,” sabi ng kanyang tiyuhin.

Hindi na binigyan pa ng mag-asawa ng malalim na kahulugan ang rosas na iyon. Maganda si Janna, kaya hindi malabong magkaroon ito ng maraming manliligaw.

Bumalik na lang sila sa kani-kanilang gawain. Nang sumapit naman ang tanghali,

puro tukso ang inabot niya kay Grace. Pinipilit siya nitong sabihin kung sino ang nagbigay ng rosas, ngunit kahit anong gawin ng kanyang pinsan, wala rin namang maisagot si Janna.

Nakadagdag ang rosas sa mga iniisip ni Janna. Naninibago siya, parang ang dami nang nangyari sa loob pa lang ng isang araw. Pakiramdam niya rin, mayroon siyang hindi nalalaman.

Pero dahil sa ganda at bango ng rosas na natanggap niya, hindi niya iyon itinapon. Sa halip, inilagay niya ito sa flower vase at ipinatong sa maliit na lamesang nasa gilid ng kanyang kama.

Matagal niya iyong pinagmasdan. Kaakit-akit ang anyo ng rosas. Hindi niya mawari kung ano ang tinataglay nito at bakit parang kakaiba ang dating niyon sa kanya. Dumating ang puntong idinidikit na niya ito sa kanyang ilong para amuyin. Napapangiti siya at ligaya ang hatid nito sa kanya.

Kinagabihan, mag-isa na naman si Janna sa kanyang silid. Katatapos lang nilang magkuwentuhan ni Grace, nahinto lang sila dahil tumawag ang nobyo nito sa cell phone.

Alas diez na ng gabi, ito na naman ang oras na kinatatakutan niya. Napawi ang kilig, tuwa, at saya na nagmula sa bulaklak na natanggap niya nang maalala na naman ang sumisitsit. Malamang sa malamang, mag-aabang na naman si Janna kung may mangyayari na

namang hindi normal.

Hindi niya binubuksan ang bintana. Nababahala siya na baka may kung ano siyang makita roon lalo pa't ang punong narra ang bubungad sa kanya. Para mawala ang namumuong takot, nagpatugtog na lang siya. Ngunit hindi pa man natatapos ang unang kanta, bigla iyong huminto. Ipinagtaka iyon ni Janna. Sinubukan niyang magpatugtog ulit pero laking pagtataka niya nang mapansing low battery na ang cell phone niya kahit katatapos lang niyang mag-charge.

Awtomatiko namang nagtayuan ang mga balahibo niya. Wala siyang ideya kung saan nanggagaling ang lamig ng hangin gayong nakapatay ang electric fan at nakasara din ang bintana. Subalit ang mas nakapagpakaba sa kanya nang husto ay nang may marinig na naman siyang sitsit. Mas malakas iyon sa mga sandaling ito na para bang tinatawag siya.

Hindi na nagsayang pa ng oras si Janna, dali-dali siyang tumayo at tumakbo patungo sa pintuan. Ngunit nabigo siyang buksan iyon sa hindi niya malamang dahilan.

"Tiya! Tiyo! Grace! Tulong!" sigaw niya ngunit wala man lang siyang tugon na natanggap kahit pa naririnig niyang nakikipag-usap sa cell phone si Grace sa kabilang kuwarto.

Kahit buong lakas niyang hilahin ang doorknob ay hindi siya nagtagumpay na buksan ang pinto. Mayamaya, napahinto si Janna nang maramdaman niyang tila hindi na

siya nag-iisa sa kuwarto.

Dahan-dahan siyang lumingon at bumulaga sa kanya ang isang... lalaking maitim. Matangkad ito, payat, mahaba ang buhok, mahaba ang tainga, matulis ang mga kuko at namumula ang mga mata.

“Masaya akong nagustuhan mo ang aking rosas...” wika ng misteryosong lalaki.

Namilog ang mga mata ni Janna. Napalunok siya nang ilang ulit at namawis na rin ang buo niyang katawan. Bigla niyang pinagsisihan ang pagtanggap sa rosas na iyon.

“Kay tagal kong hinintay ang tamang panahon, at ngayong panahon na, magsasanib ang dalawang magkaibang nilalang,” dagdag pa nito.

“S-sino k-ka b-ba?” lakas-loob na tanong ni Janna.

Ngumiti nang malapad ang lalaki.

“Ako ang nilalang na matagal nang nagmamahal sa ’yo. Naghintay ako, nalumbay at nalungkot. Ngunit nang muli kitang masilayan, ang ligaya ay nagbalik.”

Umiling-iling si Janna dahil sa kanyang mga naririnig. Ang kakaibang tono ng pananalita ng lalaki ay tila hinahatid siya sa kailaliman ng lupa.

“H-hindi! H-halimaw!” pagtutol ni Janna kahit pa binabalot na siya ng takot.

“Sa ayaw at sa gusto mo, ikaw at ako ay nakatakda na. Ikaw at ako ay mag-iisang dibdib. Pag-iisahin ng kadiliman ang ating mga damdamin...” Naglakad ito palapit habang

tumatawa. Tinangka pang tumakbo ni Janna ngunit bumalandra lang siya sa likod ng pinto.

"H-huwag!"

May kung anong mabangong amoy na biglang kumalat sa buong kuwarto. Ngunit ang naging dulot niyon kay Janna ay matinding pagkahilo. Unti-unti siyang napapikit, hindi na niya napigilan ang pagsasara ng mga mata. Naramdaman na lang niya ay binuhat siya ng misteryosong lalaki.

Hindi na niya alam kung ano pa ang mga sumunod na nangyari. Basta nang magising siya, nasa loob na siya ng isang madilim at mabahong silid. Habang hinaharap niya ang kadiliman, nagulantang naman ang kanyang mga kamag-anak nang sumapit ang umaga at hindi siya nakita.

Walang ideya ang mga magulang ni Grace kung saan nagpunta si Janna. Lumipas ang mga araw ng paghahanap ngunit ni anino nito ay hindi nila nakita. Tumagal nang isang linggo, hanggang sa umabot na ng buwan. Hindi na lumitaw pa ang kawawang si Janna.

# ANG KAIBIGAN NI MAYENG

Hinding-hindi makakalimutan ni Paula ang mga araw na tila naging impiyerno ang buhay niya kasama ang kanyang nakababatang pinsan na si Mayeng. Muntikan pa siyang mamatay dahil sa pagiging weirdo ni Mayeng sa bawat pananalita at kilos nito.

Saktong alas diez ng gabi noon nang dumating sa bahay nila Paula ang pinsang si Mayeng kasama ang ama nito. Nanggaling ang mag-ama sa probinsya at mananatili sa Maynila nang halos dalawang linggo.

Magkapatid ang ama ni Paula at ang ama ni Mayeng, kaya naman ganoon na lamang kalapit ang kanilang mga tatay sa isa't isa.

Ngunit hindi ikinatuwa noon ni Paula ang pagpasok ni Mayeng sa buhay niya. Bukod sa

maikli ang pasensya niya ay wala rin siyang talento sa pakikisalamuha sa mga taong tila may binubuong sariling mundo sa isipan.

Walong taon pa lang si Mayeng ngunit kung mag-isip at kumilos ito ay tila ka-level na ni Paula na nasa high school na. Kung minsan naman ay makikita na lang ng dalaga ang pinsan na tulala sa kawalan. May pagkakataon ding tila may kinakausap si Mayeng sa ilalim ng hagdan, at ang higit na kinainis ni Paula ay ang pasya ng kanyang ama na magsama sila ng pinsan sa iisang kuwarto.

Wala siyang nagawa. Hindi niya ugaling salungatin ang kanyang ama kaya pinagtiisan niya si Mayeng. Kahit nasa iisang kama lamang sila natutulog ay hindi niya ito kinakausap. Palaging nakatuon lamang ang atensyon ni Paula sa kanyang cell phone at hinahayaan lamang ang pinsan na maburyo sa pag-iisa.

Sa ikalawang gabi nito sa kanila, patulog na si Paula ngunit hindi ang kanyang nakababatang pinsan. Habang hinihintay niya ang pagdalaw ng antok ay nakaupo lang si Mayeng sa paanan niya. Nakatalikod ito at nakatingala sa kisame.

Nakaramdam ng pagkairita si Paula kaya kinalabit niya si Mayeng gamit ang paa.

"Hoy! Ano ba'ng ginagawa mo?" tanong niya.

Hindi humarap si Mayeng. "Pinakikinggan ko ang sinasabi niya," weirdong sagot nito.

Napabangon si Paula at nagtaka.

"Ano'ng sinasabi mo? Sabog ka ba? Puwede

bang matulog ka na? Pagagalitan ako ni Papa dahil sa ’yo, eh!” Medyo napalakas ang pagkakasabi ni Paula ngunit hindi man lang natinag si Mayeng.

“Ang sabi niya, ayaw mo raw akong narito.”

Sa pagkakataong iyon ay humarap na ang pinsan kay Paula. Ang seryoso ng mukha nito na hindi man lang makitaan ng pagiging musmos. Ang mga mata ni Mayeng ay tila may kung anong malalim na kahulugan.

Ngunit hindi iyon pinansin ni Paula. Batid niyang medyo kulang-kulang sa pag-isip si Mayeng, base sa sinabi ng kanyang tiyuhin.

“Matulog ka na nga,” aniya.

“Ayaw ko pa, nag-uusap pa kami. Marami siyang gustong sabihin sa akin tungkol sa ’yo.” Ngumiti nang bahagya si Mayeng. Lalo naman iyong kinainis ni Paula.

“Alam mo, nakaka-bad trip ka na. Kahapon ka lang dumating dito tapos kung anu-ano na’ng sinasabi mo. Manahimik ka na nga lang kung wala kang masabing matino! Matutulog na ’ko, bahala ka sa buhay mo.”

Muling humiga si Paula at nagsaklob na ng kumot.

“Alam mo bang galit siya sa ’yo?” patuloy ni Mayeng.

Hindi na nakapagpigil pa si Paula. Bumangon siyang muli at hinampas ang pinsan ng unan sa mukha.

“Letse!”

Tumayo siya at padabog na lumabas ng silid. Halos magkalaglagan pa nga ang mga

nakasabit sa likod ng pinto nang isarado niya iyon.

Natapos ang gabing iyon na sa sala natulog si Paula. Iyon ang unang pagkakataon na naranasan niya ang pagiging kakaiba ni Mayeng sa lahat ng batang nakilala niya.

Sa sumunod na mga araw, mas lalo pang lumala ang hidwaan sa pagitan nila ni Mayeng. Lingid sa kaalaman ng mga magulang nila ang problema nilang magpinsan. Mas piniling itago ni Paula ang lahat kahit pa banas na banas na siya sa ugali ng pinsan dahil ayaw niya ring masermonan.

Hanggang sa dumating na ang puntong umalis ng bahay ang mga ama nila at naiwan silang dalawa.

Magkaharap sila sa iisang mesa. Habang tahimik na kumakain si Paula ay nakatunganga lang sa kanya si Mayeng. Noong una ay hindi ito pinapansin ni Paula, subalit nakuha nito ang atensyon niya nang magsalita na naman si Mayeng ng kakaiba.

“Alam mo bang lahat ng umaaway sa akin ay pinarurusahan niya?” ani Mayeng.

Dahan-dahang napahinto si Paula sa pagnguya. Binitiwan niya ang kutsara’t tinidor at matalim na tumingin sa batang pinsan. Kung nakamamatay lang siguro ang tingin ay siguradong pinaglalamayan na ito ngayon.

“Ano ba’ng problema mo?” inis na tanong ni Paula.

“Ako wala, siya meron,” sagot ni Mayeng at sumilay ang nakakalokong ngiti sa labi nito.

"Baliw! Puwede ba? Lumayas ka na rito sa bahay namin! Bakit ba kayo nandito? Wala na ba kayong makain sa probinsya? Ha? Ano?!"

Pinalo ni Paula ang mesa. Nalaglag ang kutsara't tinidor sa sahig ngunit nanatili lang na kalmado ang tila baliw na si Mayeng.

"Lagot ka sa kanya, ginagalit mo siya, Ate Paula..."

"Sino ba 'yang sinasabi mo? Alam mo, buwang ka na talaga, eh! Sino siya? Lakas talaga ng saltik mo!"

Halos umusok na ang ilong ni Paula sa sobrang inis. Ni hindi na nga niya nasusukat kung gaano na ba kataas o kalakas ang kanyang boses.

"Gusto mo ba siyang makilala?" ani Mayeng.

Lalong nagkiskisan ang mga bagang ni Paula sa narinig. Itinaas niya ang kanyang kaliwang palad at animo handa nang dumapo sa mukha ni Mayeng.

Subalit...

"Nandito siya..."

Napahinto siya sa sinabi ni Mayeng, dahil pagkatapos nitong magsalita ay biglang nagpatay-sindi ang ilaw.

Nagtaka si Paula. Nilingon niya ang paligid; ang bawat sulok... sa kung saan-saan. Hindi niya maunawaan kung bakit tila kinakabahan siya.

Hindi niya napigilan ang puso na mabilis na tumitibok. Nalilitong napahawak siya sa kanyang dibdib at muling tumitig kay Mayeng.

"Siya si Leonora, kaibigan ko." Nakangiti ito

ngunit ibang kahulugan na ang nasa mga mata nito.

Sinubukang balewalain ni Paula ang pagpatay-sindi ng ilaw. Nagpanggap siyang matapang kahit halata na ang kaba sa kanyang mukha.

“Tigilan mo nga ’ko sa kabaliwan mo, bahala ka! Maiwan ka rito!”

Naglakad si Paula palapit sa pinto subalit nagsara na lang iyon bigla. Sumunod ang mga bintana. Nagkalampagan din ang mga gamit sa kusina na aakalain mong may nagwawalang kung sino roon.

Napalunok si Paula. Hindi na niya maiwasang ilabas ang takot na nadarama. Nanginig ang mga tuhod niya, kasabay ng pamamawis ng ulo niya.

Ilang sandali lang, namatay nang halos sampung segundo ang ilaw. Nang muli itong sumindi ay labis ang kanyang pagkasindak.

Nakatayo sa harap niya si Mayeng habang nasa likod naman nito ang isang babaeng nakasuot ng bestida. Natatakpan ng mahaba at tuwid na buhok ang mukha nito.

“Siya si Leonora, kaibigan ko,” pagpapakilala ni Mayeng.

Nanlalaki ang mga mata ni Paula habang pinagmamasdan ang babae sa likod ng kanyang pinsan. Paulit-ulit siya sa pag-iling.

“A-anong...” sambit ni Paula.

“Paparusahan ka niya!” sigaw ni Mayeng na siyang ikinabigat ng kanyang dibdib.

“M-Mayeng... h-huwag!”

Tumawa lang ito nang tumawa. Isang paghalakhak na tila nanggaling sa impiyerno.

Unti-unting lumapit ang kaibigan ni Mayeng sa kinatatayuan ni Paula. Hindi na siya makagalaw, tila napako na ang kanyang mga paa sa sahig.

“Hu—!”

Hindi na nakapagsalita pang muli si Paula nang sakalin siya ng babae.

Habang nanlalaki ang mga mata niya, siya namang pagbungad ng mukha ng nilalang na sumasakal sa kanya.

Namumula ang mga mata nito at puting-puti ang buong mukha. Nakadagdag pa sa kilabot ni Paula ang tumutulong dugo mula sa bibig ni Leonora.

“M-M-Mayeeeng...” tawag ni Paula habang nakahawak sa malamig na kamay ng kaibigan ng pinsan.

Buong akala ni Paula, iyon na ang pagtatapos ng kanyang buhay. Habang dumudungaw na ang kamatayan sa kanya, tuwang-tuwa naman ang kanyang batang pinsan. Tila ang paghihirap niya ay may dulot na kakaibang ligaya para rito.

Kaunti na lang. Ilang minuto na lang at mauubusan na talaga si Paula ng hininga.

Laking pasalamat na lang niya nang marinig ang dalawang tinig sa labas. Boses iyon ng kanyang ama’t tiyuhin.

Napahinto sa pagtawa si Mayeng at bigla namang naglaho ang kaibigan nito. Bumagsak sa sahig si Paula at nang mabuksan ng kanyang

ama ang pinto, bumungad siya na nakadapa sa lapag at wala nang malay.

Mabilis namang nakatakbo palabas ng kusina si Mayeng at hindi ito napansin ng dalawang lalaki.

Tarantang-taranta ang ama ni Paula noong mga sandaling iyon. Kung anu-ano na ang ginawa nila para gisingin si Paula mula sa pagkahimatay.

Halos dalawang oras na walang ulirat si Paula. At nang magising siya, doon na nanlumo ang kanyang ama.

"Multo! Multo! Multo!"

Iyon ang paulit-ulit na isinisigaw niya habang aligaga ang mata. Nanginginig at tila nawawala sa sarili. Hanggang sa dumating ang mga sumunod na araw, walang pagbabago sa kalagayan ni Paula at mas lumala pa nga. Humantong na sa pagkakataong lagi niyang kinakausap ang sarili tungkol sa multo.

Samantalang si Mayeng, patay-malisya sa lahat ng nangyayari.

Walang ideya ang ama ni Paula sa sinapit ng anak. At ngayon, tuluyan nang nasiraan ng bait ang dalagang si Paula. Umiiyak at takot na takot.

Masakit man sa kalooban ng kanyang ama, nagpasya ito na dalhin ang anak sa mental hospital dahil wala namang mag-aalaga sa kanya.

Ang noo'y matapang at masungit na si Paula, ngayon ay isang baliw na. Habang si Mayeng ay abot-impiyerno ang ligaya.

# MANSION DE VENERACION

Sa kasagsagan ng gabi ay mag-isang naglalakad si Nathan sa daan. Ang bawat hakbang niya ay tila pinag-iisipan. Nalilito siya, nagdadalawang-isip kung itutuloy pa ba niya ang hamon. Nag-aalangan at napapaisip kung ano nga ba ang maaaring maging resulta ng lahat.

Patungo siya ngayon sa dulong bahagi ng kanilang barangay kung saan nakatirik ang pinakamatandang mansion sa kanilang lugar. Pinaniniwalaang taong 1896 pa ito itinayo. Base sa usap-usapan, mga mayayamang Kastila raw ang nagpatayo niyon. Doon din daw idinadaos ang mahahalagang pagpupulong laban sa mga Pilipino noon. At higit sa lahat, sa mansyong ito ay pinaniniwalaang may binitay na isang

babaeng Pilipina dahil sa pagtataksil nito.

Sandaling huminto si Nathan habang nilalaro ang mga daliri. Hindi siya mapakali. Kapag naiisip niyang sumuko ay kinakalabit naman siya ng pagkabahala na baka balikan siya ng mga itinuturing niyang master.

Si Nathan ay isang neophyte ng *La Estimonia Fraternity*. Isa sa pagsubok na ipinasan sa mga balikat niya ay ang pumasok sa abandonadong mansyon at lalabas lamang siya roon makalipas ang isang oras.

Batid niyang pinagkakatuwaan lang siya ng mga miyembro ng kapatiran ngunit alam niya ring malilintikan siya kung susuwayin niya ang mga utos nila. Isa pa, mahigpit na ipinagbabawal ang pag-atras. Sa oras na mabinyagan siya bilang neophyte, hindi na siya maaaring umurong pa.

Ilang metro na lang ang layo ni Nathan sa mansion. Mula sa kinatatayuan niya ay natatanaw na niya ang bubong na hugis tatsulok.

Natataranta na siya. Hindi na niya malaman kung ano ang dapat niyang gawin.

*“May multo raw d’on. Lagot ka!”* Sinabi iyan ng isa niyang master na sa tuwing naalala niya ay lalo siyang nakakapag-isip na sumuko na lang at tanggapin ang maaaring iparusa sa kanya.

*“Kapag sumuko ka, mamamatay ka.”* Iyon naman ang sinabi ng isa pang miyembro.

Nagtatalo ang dalawang linya sa isipan niya. Gusto na niyang pagsisihan ang ginawang

pagsapi sa grupong iyon. Kung hindi lang sana niya kailangan ng proteksyon laban sa mga kaklaseng madalas mam-bully sa kanya, hindi na sana siya sumali sa *La Estimonia Fraternity*.

Huminga nang malalim si Nathan. Pumikit siya sandali at pinakalma ang sarili.

"Kaya ko 'to. Hindi ako aatras!"

Nilakasan niya ang loob. Sinimulan niya ulit maglakad. Sa puntong iyon ay wala nang bakas ng pag-aalinlangan ngunit mahahalata ang pagpapanggap na matapang.

Nang makarating siya sa harapan ng mansion ay hindi niya naiwasang mamangha. Napakalaki niyon at kahit daang taon na ang nakalipas ay maringal pa rin ang disenyo nito sa kabila ng maraming lumot na bumabalot dito.

Lumapit siya sa tarangkahan at maging ito ay tila nilamon na rin ng panahon. Napaglipasan na at nagsusumigaw na ang kalumaan niyon.

Bahagyang nakabukas ang tarangkahan kaya hindi na niya kinailangan pang itulak iyon. Buong tapang niyang itinapak ang paa sa loob. Unang tindig niya pa lang sa loob ay naramdaman na agad niya ang kasaysayan. Ngunit ang kasaysayang iyon ay sadyang madilim na pinapaalala ng kakaibang lamig ng hangin.

Madamo at napakadilim sa loob. Hindi sapat ang liwanag ng buwang natatakpan ng mga ulap para klaro niyang makita ang paligid. Kaya naman, inilabas niya ang cell phone at saka hinanap ang flashlight na app doon.

"Hoy! Magbabantay kami rito!"

Nagulat si Nathan sa sigaw na iyon. Nang lumingon siya ay nakita niya ang mga miyembro ng kapatiran na nakasakay sa kani-kanyang motorsiklo.

Tumango na lang si Nathan. Pagkatapos niyang pakinggan ang halakhakan ng mga iyon ay sinimulan na niyang maglakad papasok ng mansion.

Sa pintuan pa lang ay nabasa na niya ang nakalagay na *Mansion De Veneracion* na halos hindi na mabasa kung hindi pa tatapatan ng liwanag.

Itinulak niya ang malaking pinto. Ang langitngit nito ay tila nang-aakit sa mga balahibo niya para tumayo.

Nang tuluyan siyang makapasok, kadiliman ang tumambad sa kanya. Pinasadahan niya ang paligid ng liwanag mula sa cellphone. Puro sapot na ng gagamba ang nakita niya roon pati sa mga silyang nakakalat.

Sa lobby ng mansion ay naroon ang isang mahabang lamesa. Unti-unti siyang dinala ng kuryosidad sa harap nito. Ipinunas pa ni Nathan ang hintuturo sa ibabaw ng mesa para sukatin kung gaano na ba kakapal ang alikabok.

Sumilip ulit siya sa labas. Naroon pa rin ang kapatiran, nagkukuwentuhan at nagtatawanan.

Umupo siya sa isang tabi. Hindi na niya tinangka pang maglibot dahil totoong nakakakilabot ang lugar. Pinipilit na lamang niyang maging matatag sa mga sandaling iyon.

Tiningnan niya ang wristwatch sa kaliwang braso. Inayos niya iyon para orasan ang pananatili niya sa mansion.

Habang nagpapalipas ng sandali ay paulit-ulit niyang sinusuyod ng tingin ang paligid. Aminin man niya o hindi, nakakaramdam na rin siya ng kakaibang awra. Biglang lumamig ang paligid at pakiramdam niya ay may nakatingin sa kanya mula sa mga sulok.

Kasabay ng pagbabantay sa paligid ay ang pabalik-balik niyang tingin sa orasan.

Nahinto lang siya nang mapansing hindi na umaandar ang kanyang relo. Itinuon niya rito ang flashlight upang ayusin. Ngunit kahit anong pukpok o kalampag niya ay hindi na talaga iyon gumana. Sa sobrang inis, ibinato niya sa kung saan ang relo nang hindi man lang inisip kung may matatamaan ba.

"Buwisit! Ba't ngayon pa?" pasigaw ngunit tila pabulong niyang sabi.

Nang hawakan niyang muli ang kanyang cell phone, nagulat siya nang bumalik sa kanya ang relo. Tumama pa nga ito sa kanyang dibdib.

Sandali siyang napaisip. Agad na naghari ang kaba sa kanyang puso't isipan. Lalo pa siyang nasindak nang may marinig siyang kadena na kumakaskas sa sahig. Ang tunog na iyon ay palapit nang palapit sa kinalalagyan ni Nathan.

Kaya naman, agad na naging alerto siya at muli niyang pinasadahan ng liwanag ang paligid.

"S-sino 'yan?!" buong tapang niyang tanong.

Wala siyang nakita na kung sino. Maliban na lang sa kadenang nasa sahig, na ilang dipa na lang ang distansya sa kanya.

Napatayo si Nathan mula sa kinauupuan.

Agad siyang naglakad patungo sa pintuan ngunit hindi pa man siya nakakalapit doon ay bigla na lamang iyong sumarado.

“Master! Tulungan n’yo ’ko! Ayoko na! Ayoko na!” sigaw niya habang pinapalo ang pinto.

Naghanap siya ng ibang lagusan. May nasipat siyang bintana at dali-dali siyang lumapit doon.

Sinubukan niyang buksan ang bintana ngunit nabigo siya.

“Master! Tulong!” sigaw niya ulit sa labas. Hindi talaga siya naririnig ng buong kapatiran.

Sinuntok na niya ang bintana ngunit tila bato ito sa sobrang tigas.

“Diyos ko po! Tulong!”

Nagdasal na lang si Nathan. Pumikit siya’t nanalangin nang taimtim.

“Lord, tulungan N’yo akong makalabas dito. Nagmamakaawa na po ako, tulung—”

Naudlot ang sasabihin ni Nathan nang maramdaman niyang mayroon siyang katabi. Idinilat niya ang mga mata at lakas-loob na tumutok sa kanang bahagi niya. Sa sobrang gulat ay natumba siya at napaatras.

Nanlalaki ang mga matang nakatitig sa isang babaeng nakasuot ng saya. May kadena ang kaliwang paa nito at… walang ulo.

Hindi siya nagsayang ng oras, mabilis siyang tumayo at tumakbo palayo sa babaeng

pugot. Subalit hindi pa man siya nakalalayo ay nasa harap na naman niya ito.

"Huwag kang lalapit!"

May kung anong nadampot si Nathan sa gilid na siyang ginamit niya upang protektahan ang sarili.

Pero tila masyadong malakas ang nilalang na kanyang kinatatakutan, walang anu-ano'y tumalsik ang kahoy na hawak ni Nathan. Labis niyang ikinabigla iyon kaya wala siyang nagawa kundi unti-unting mapaatras habang nakatutok pa rin sa multo ang ilaw na nagmumula sa kanyang cell phone.

"Patawad, h-hindi ko sinasadyang g-guluhin ka..." ani Nathan na halos hindi maipinta ang mukha.

Huminto ang babaeng pugot sa paglapit. Kung may ulo nga lang ito ay siguradong nakipagtitigan na ito base sa diretsong tindig nito sa harap ni Nathan.

Samantala, habang walang humpay ang pananakot ng nilalang na pangarap niyang takasan ay wala ring patid ang mabilis na pagtibok ng kanyang puso. Hindi na rin niya namamalayan na nanginginig na ang kanyang mga tuhod at wala sa sariling napaihi siya sa salawal. Hinihingal din siya na tila kaunting minuto na lang ay aatakihin na sa puso.

Napasandal na lang si Nathan sa pader habang ang babaeng walang ulo ay nakatayo lang sa harapan niya.

Nang mapadako ang tingin ni Nathan sa kaliwang banda na mas malapit sa pinto ay

nagtapang-tapangan na naman siya.

Kumaripas siya ng takbo para iwanan ang gumugulo sa kanya. Subalit halos isang dipa pa lamang ang agwat niya sa babae ay naramdaman niyang may humawak sa kanyang mga paa dahilan para bumagsak siya sa sahig.

Tumama ang ulo ni Nathan sa isang matigas na bagay na hindi niya batid kung ano. Noong una ay namilipit siya sa sakit ngunit sa mga sumunod na sandali ay nawalan na siya ng malay.

Hindi na niya alam kung ano pa ang mga nangyari. Ni hindi na rin sumagi sa isipan niya ang pugot. Basta nang mahimatay siya, pakiramdam niya ay nasa langit na siya. Ang gaan ng kanyang katawan. Wala siyang nararamdamang sakit kahit kaunti.

Dakong alas tres na ng madaling araw nang magising siya na nasa fraternity house na. Medyo nahihilo pa siya at tila umiikot ang mga mukhang nakabungad sa kanya. Sa unang dilat ay naguluhan siya, pero noong tuluyan nang mabuhay ang kanyang diwa ay noon niya naalala ang lahat.

“Hoy!”

“Welcome to the fraternity!”

“Ano ba’ng nangyari, bro?”

“World record ka, bro! Tagal mo d’on sa loob!”

“Okay ka na ba?”

Hindi niya alam kung alin sa mga katagang iyon ang una niyang tutugunin kaya bumangon na lamang siya. Doon niya lamang nadama

ang kirot sa kanang bahagi ng kanyang ulo na ngayon ay may benda na.

"A-aray..." daing ni Nathan.

"Pinasok ka na namin sa loob kanina dahil magdadalawang oras ka nang naroon, ano ba talaga'ng nangyari sa 'yo?" tanong ng pinakapinuno nila na si Minati.

Napayuko siya at muling binalikan ang lahat. Buo pa sa kanyang alaala ang bawat detalye ng mga oras na iyon. Tila nakaukit na ito sa kanyang isipan at paulit-ulit na tumatakbo.

Gusto niyang sabihin at ikuwento ang mga naganap subalit nag-aalinlangan siya na baka pagtawanan siya ng mga kasama.

Tiningnan niya si Minati. Nasa mukhang iyon ang pagtaliwas sa nais niyang ibahagi. Tiningnan niya rin nang isa-isa ang iba pang miyembro. Ang ilan ay nakangiti na parang sarkastiko at ang iba naman ay seryoso lang na naghihintay sa isasagot niya.

Ibubuka na sana ni Nathan ang bibig nang may mapansin siyang kakaiba sa likuran ng isa nilang kasapi. Nanlaki ang mga mata niya na ipinagtaka ng lahat. Idinako ng buong kapatiran ang tingin sa kung saan nakatingin si Nathan.

Nanuyo ang lalamunan niya nang biglang lumabas mula sa likod ng kasamahan ang kanina lang ay kinatatakutan niya...

Ang babaeng walang ulo at may kadena sa paa.